PROPOSISYON

# 35 NAGBIBIGAY NG PERMANENTENG PAGPOPONDO PARA SA MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG MEDI-CAL. INISYATIBANG BATAS.

**OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD** INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 109 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Ginagawang permanente ang umiiral na buwis sa mga pinamamahalaang plano ng seguro sa pangangalagang pangkalusugan (kasalukuyang nakatakdang mag-expire sa 2026), na kung aaprubahan ng pamahalaang pederal, ay magbibigay ng mga kita upang bayaran ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga pamilyang may mababang kita na may mga anak, matatanda, mga taong may kapansanan, at iba pang tumatanggap ng Medi-Cal.
- Nag-aatas na gamitin lang ang mga kita para sa mga tinukoy na serbisyo ng Medi-Cal, kabilang ang pangangalagang pangunahin at may espesyalisasyon, pangangalagang pang-emergency, pagpaplano ng pamilya, kalusugan ng isip, at mga inireresetang gamot.
- Ipinagbabawal ang paggamit ng mga kita upang palitan ang kasalukuyang pagpopondo ng Medi-Cal.
- Nililimitahan ang mga gastusin sa pangangasiwa at nag-aatas ng mga independiyenteng pag-audit ng mga programang tumatanggap ng pagpopondo.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Sa maikling panahon, mas mataas na pagpopondo para sa Medi-Cal at iba pang mga programang pangkalusugan sa pagitan ng halos $2 bilyon at $5 bilyon taon-taon (kabilang ang mga pondong pederal). Mas mataas na gastos ng estado sa pagitan ng halos $1 bilyon hanggang $2 bilyon taon-taon upang magpatupad ng mga pagtaas sa pagpopondo.
- Sa pangmatagalan, hindi pa alam na epekto sa kita ng buwis ng estado, pagpopondo sa programang pangkalusugan, at mga gastos ng estado. Ang mga epekto sa pananalapi ay nakadepende sa maraming salik, tulad ng kung patuloy na aaprubahan ng Lehislatura ang buwis sa mga planong pangkalusugan sa hinaharap kung hindi ipapasa ng mga botante ang Proposisyon 35.

35

**PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI**

## PINAGMULAN

***Nagpapataw ang Estado ng isang Partikular na Buwis sa mga Plano sa Kalusugan.*** Mula noong 2009, karaniwang naniningil ang California ng partikular na buwis sa ilang partikular na planong pangkalusugan, gaya ng Kaiser Permanente. Ang buwis na ito ay tinatawag na Buwis sa Organisasyong Tagapagkaloobb ng Pinamamahalaang Pangangalaga ("buwis sa planong pangkalusugan"). Ang buwis ay nagamit nang magkakaiba sa paglipas ng panahon. Sa kasalukuyan, naniningil ito sa mga plano batay sa bilang ng mga taong pinagkalooban nila ng pagsaklaw sa kalusugan, kabilang ang mga nasa Medi-Cal. Ang rate ng buwis ay mas mataas para sa mga nasa Medi-Cal kumpara sa ibang mga uri ng pagsaklaw sa kalusugan. (Ang Medi-Cal ay isang pederal-pang-estadong programa na nagbibigay ng pagsaklaw sa kalusugan para sa mga taong mababa ang kita. Ang pederal na pamahalaan at ang estado ay naghahati sa gastos ng programa. Sa pamamagitan ng pagsingil ng buwis sa planong pangkalusugan, ang estado ay maaaring makatanggap ng higit pang pederal na pagpopondo.)

***Ginagamit ng Estado ang Buwis para sa Dalawang Layunin.*** Ang halaga ng kita na nalikom ng buwis sa planong pangkalusugan ay nagbago sa paglipas ng panahon.

Batay sa kamakailang aksyong pambatas, tinataya namin na ang buwis ay inaasahang magreresulta sa humigit-kumulang $7 bilyon hanggang $8 bilyon bawat taon (taun-taon) para sa estado. Ginagamit ng estado ang perang ito para sa dalawang layunin.

- ***Pagbabayad para sa mga Kasalukuyang Gastos sa Medi-Cal.*** Ang ilang kita ay tumutulong sa pagbabayad para sa mga kasalukuyang gastos sa programang Medi-Cal. Ang paggamit ng kita sa buwis sa ganitong paraan ay nagpapahintulot sa estado na gumastos ng mas kaunting pera mula sa Pangkalahatang Pondo sa Medi-Cal. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan sa mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan. Ang Medi-Cal ay inaasahang makakakuha ng humigit-kumulang $35 bilyon mula sa Pangkalahatang Pondo sa taong ito.) Sa ibang mga salita, binabawasan ng kita ng buwis sa planong pangkalusugan ang mga gastos sa Pangkalahatang Pondo ng estado.
- ***Nagtataas ng Pagpopondo para sa Medi-Cal at Ibang mga Programang Pangkalusugan.*** Ang ilan sa mga kita ay nagdaragdag ng pagpopondo para sa Medi-Cal at ibang mga programang pangkalusugan. Halimbawa, pinapataas ng estado ang mga pagbabayad ng Medi-Cal sa mga doktor at iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Ito ay isang bagong paggamit ng kita sa buwis sa planong pangkalusugan. Nagsimula ang ilan sa mga pagtaas ng pondong ito noong 2024, ngunit ang karamihan ay magsisimula sa 2025 at 2026. Sa sandaling magsimula silang lahat sa 2026, ang mga pagtaas ay malamang na magreresulta sa humigit-kumulang $4 bilyon pa para sa Medi-Cal taun-taon. Halos kalahati ng halagang ito ay magmumula sa buwis sa planong pangkalusugan. (Ang natitira ay magmumula sa pinataas na pederal na pagpopondo.)

***Magtatapos ang Buwis, Maliban Kung Ito ay Muling Naaprubahan.*** Hindi pa permanenteng inaprubahan ng Lehislatura ang buwis na ito. Sa halip, inaprubahan ito para sa ilang taon sa bawat isang pagkakataon. Dapat ding aprubahan ng pederal na pamahalaan ang buwis. Ang buwis ay pinakahuling naaprubahan noong 2023. Magtatapos ito sa katapusan ng 2026, maliban kung aprubahan itong muli ng Lehislatura at pederal na pamahalaan.

## MUNGKAHI

***Ginagawang Permanente ang Kasalukuyang Buwis sa Planong Pangkalusugan.*** Ginagawa ng Proposisyon 35 na permanente ang kasalukuyang buwis sa planong pangkalusugan simula sa 2027. Kakailanganin pa rin ng estado ang pederal na pag-apruba upang singilin ang buwis. Ang buwis ay patuloy na ibabatay sa bilang ng mga taong binibigyan ng pagsaklaw ng mga planong pangkalusugan. Ang proposisyon ay nagpapahintulot sa estado na baguhin ang buwis, kung kinakailangan, upang makakuha ng pederal na pag-apruba, sa loob ng ilang partikular na limitasyon.

***Lumilikha ng mga Tuntunin Kung Paano Ginagamit ng Estado ang Kita mula sa Buwis.*** Bukod sa paggawa sa buwis sa planong pangkalusugan na permanente, lumilikha ang Proposisyon 35 ng mga tuntunin kung paano gagamitin ang kita. Sa pangkalahatan, ang mga tuntuning ito ay nag-aatas sa estado na gumamit ng higit pa sa kita upang dagdagan ang pagpopondo para sa Medi-Cal at iba pang mga programang pangkalusugan. Magkaiba ang mga tuntunin sa maikling panahon

35

Pigura 1

**Binabago ng Proposisyon 35 kung Aling mga Serbisyo ang Nakakakuha ng Pagtaas ng Pagpopondo**

Pagtaas ng Pagpopondo sa Panandaliang Panahon (sa 2025 at 2026)

| | Kasalukuyang Batas | Proposisyon 35[a] |
|---|---|---|
| Mga doktor at iba pang kaugnay na provider[b] | ✓ | ✓ |
| Mga tinukoy na serbisyo ng ospital | | ✓ |
| Mga pasilidad ng outpatient | | ✓ |
| Mga klinika ng safety net | ✓ | ✓ |
| Mga pasilidad sa kalusugan ng pag-uugali | | ✓ |
| Kalusugan na reproduktibo at pagpaplano ng pamilya | ✓ | ✓ |
| Pang-emerhensiya na transportasyong medikal | ✓ | ✓ |
| Hindi pang-emerhensiya na transportasyong medikal | ✓ | |
| Pribadong tungkulin na pag-aalaga | ✓ | |
| Mga partikular na pangmatagalang suporta | ✓ | |
| Mga manggagawa sa kalusugang pangkomunidad | ✓ | c |
| Patuloy na pagsaklaw ng Medi-Cal para sa mga bata hanggang limang taong gulang | ✓ | |
| Mga programa sa lakas paggawa ng Medi-Cal | ✓ | ✓ |
| Mga programa sa postgraduate na pagsasanay ng doktor | | ✓ |

[a] Mas maraming serbisyo ang kwalipikado para sa pagtaas ng pagpopondo sa pangmatagalan (simula sa 2027).
[b] Kabilang sa kasalukuyang batas at Proposisyon 35 ang ilang pagkakaiba kung saan ang mga kaugnay na provider ay nakakakuha ng mga pagtaas ng pagpopondo.
[c] Tumataas ang pagiging kwalipikado para sa pagpopondo sa pangmatagalan (simula sa 2027), depende sa kung gaano karaming pera ang nalikom ng buwis sa planong pangkalusugan.

(sa 2025 at 2026) at sa pangmatagalan (sa 2027 at pagkatapos). Binabago rin ng Proposisyon 35 kung aling mga serbisyo ng Medi-Cal at iba pang mga programang pangkalusugan ang makakakuha ng mga pagtaas ng pondo kumpara sa kasalukuyang batas. Ipinapakita ng Pigura 1 ang mga pagbabagong ito sa maikling panahon.

## EPEKTO SA PANANALAPI

***Sa Maikling Panahon, Tatlong Pangunahing Epekto sa Pananalapi.*** Sa maikling panahon (sa 2025 at 2026), ang Proposisyon 35 ay magkakaroon ng mga sumusunod na pangunahing epekto sa pananalapi:

- ***Walang Pagbabago sa Kita sa Buwis ng Estado.*** Hindi binabago ng Proposisyon 35 ang kasalukuyang pansamantalang buwis sa mga planong pangkalusugan, na magtatapos sa katapusan ng 2026. Para sa kadahilanang ito, ang proposisyon ay walang epekto sa kita ng buwis ng estado sa panahong ito.
- ***Nadagdagang Pagpopondo para sa mga Programang Pangkalusugan.*** Ang Proposisyon 35 ay magtataas ng

pagpopondo para sa Medi-Cal at iba pang mga programang pangkalusugan. Ito ay dahil ang proposisyon ay nag-aatas sa estado na gumamit ng mas maraming kita sa buwis sa planong pangkalusugan para sa mga pagtaas ng pagpopondo. Ang kabuuang pagtaas sa pagpopondo ay malamang na nasa pagitan ng humigit-kumulang $2 bilyon at $5 bilyon taun-taon. Halos kalahati ng halagang ito ay magmumula sa buwis sa mga planong pangkalusugan. (Dahil kahati ng pederal na pamahalaan sa gastos ng Medi-Cal ang estado, ang natitirang pagtaas ng pondo ay magmumula sa mga pederal na pondo. Kasama ang lahat ng pinagmumulan ng pondo, ang Medi-Cal ay inaasahang makakakuha ng higit sa $150 bilyon sa taong ito.)

- ***Tumaas na mga Gastos ng Estado.*** Ang Proposisyon 35 ay magtataas ng mga gastos ng estado. Ito ay dahil binabawasan nito ang halaga ng kita sa buwis sa planong pangkalusugan na maaaring magamit upang makatulong na bayaran ang mga kasalukuyang gastos sa Medi-Cal. Sa halip, ang estado ay malamang na kailangang gumamit ng mas maraming pera mula sa Pangkalahatang Pondo para sa layuning ito. **Ang taunang gastos ay nasa pagitan ng humigit-kumulang $1 bilyon hanggang $2 bilyon sa 2025 at 2026.** Ang mga halagang ito ay nasa pagitan ng kalahati ng 1 porsiyento at 1 porsiyento ng kabuuang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

***Sa Pangmatagalan, Hindi Tiyak ang mga Epekto sa Pananalapi.*** Sa pangmatagalan (2027 at pagkatapos), ginagawang permanente ng Proposisyon 35 ang pansamantalang buwis sa mga planong pangkalusugan at lumilikha ng mga bagong tuntunin kung paano gagamitin ang pera. Ang epekto sa pananalapi ng mga pagbabagong ito ay nakasalalay sa maraming salik. Halimbawa, maaaring aprubahan ng estado ang buwis sa hinaharap, tulad ng ginawa nito sa nakaraan, kahit na ang proposisyon ay hindi ipinasa ng mga botante. Gayundin, hindi tiyak kung gaano kalaki ang buwis na aaprubahan ng pederal na pamahalaan sa hinaharap. Dahil sa hindi tiyak na mga salik na ito, ang mga pangmatagalang epekto ng proposisyon sa kita sa buwis, pagpopondo sa programang pangkalusugan, at mga gastos ng estado ay hindi alam.

***Pansamantalang Tinataasan ang Limitasyon sa Paggastos ng Estado.*** Ang Konstitusyon ng California ay may iba't ibang tuntunin na nakakaapekto sa badyet ng estado. Nililimitahan ng isang tuntunin kung gaano karaming kita sa buwis ng estado ang maaaring gastusin sa anumang layunin taun-taon. Maaaring taasan ng mga botante ang limitasyong ito para sa hanggang apat na taon sa isang pagkakataon. Alinsunod sa mga tuntuning ito, pansamantalang dinaragdagan ng Proposisyon 35 ang limitasyon ayon sa laki ng buwis sa planong pangkalusugan para sa apat na taon. Pagkatapos ng pansamantalang pagtaas, ang pangmatagalang epekto ng proposisyon sa limitasyon sa paggasta ng estado ay hindi tiyak. Ito ay dahil hindi alam kung paano makakaapekto ang Proposisyon 35 sa kita ng buwis ng estado sa hinaharap.

**Bisitahin ang *sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2024-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.**

**Bisitahin ang *fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.**

Para sa buong teksto ng Proposisyon 35, tingnan ang pahina 109.